# Ang Kahalagahan ng Edukasyon


Ang mga sumusunod na banal na kasulatan at pahayag mula sa mga lider ng Simbahan ay makatutulong sa iyo na mas maunawaan ang mga inaasahan at hangarin ng Panginoon na mag-aral ka. Sa iyong pag-aaral, alamin ang mga katotohanan tungkol sa kahalagahan ng edukasyon.

### Mga banal na kasulatang pag-aaralan:

Doktrina at mga Tipan 88:77–80, 118; 130:18–19

### Mga turo mula sa mga lider ng Simbahan:

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson:



> Kayo ang mag-aaral. Walang ibang mag-aaral para sa inyo. Saanman kayo naroon, magkaroon ng matinding hangaring matuto. Para sa atin na mga Banal sa mga Huling Araw, ang pag-aaral ay hindi lang isang pribilehiyo; ito'y isang banal na responsibilidad. "Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan" (Doktrina at mga Tipan 93:36). Tunay ngang ang pag-aaral natin ay para sa mga kawalang-hanggan. . . .
>
> Ang gayong pangmatagalang pananaw ay tutulungan kayong gumawa ng mabubuting pagpili tungkol sa pag-aaral.
>
> Huwag matakot na kamtin ang inyong mga mithiin—maging ang inyong mga pangarap! Ngunit dapat ninyong malaman na walang shortcut sa pagtatamo ng kahusayan at kagalingan. Edukasyon ang nagiging kaibhan sa pagitan ng *pangangarap* na makatulong kayo sa ibang tao at *pagkakaroon ng kakayahang* tulungan sila. (Russell M. Nelson, "Ano ang Pipiliin Ninyo?" *Liahona*, Ene. 2015, 32)

Sinabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Tayo ay narito sa mundo para maghanda sa kawalang-hanggan, matutuhan kung paano matuto, matutuhan ang mga bagay na mahalaga sa temporal at walang hanggan ang kahalagahan, at tulungan ang iba na matuto ng karunungan at katotohanan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:1). Ang pag-unawa kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at bakit tayo narito sa lupa ay nagbigay ng malaking responsibilidad sa bawat isa sa atin na matutuhan kung paano mag-aral at matutuhang gustuhing mag-aral. (David A. Bednar, "Learning to Love Learning," *Ensign*, Peb. 2010, 27)

Ibinahagi ni Pangulong Camille N. Johnson, Relief Society General President:



> Dapat tayong mag-aral at magsanay sa abot ng ating makakaya nang sa gayon ay maging handa tayo. Handang maglingkod sa mundo at sa Simbahan. Handang maging matatalinong tagapayo at kompanyon sa ating asawa. Handang maging mahuhusay na guro sa ating mga anak at sa mga kabataang naiimpluwensyahan natin. Habang dumarami ang ating natututuhan, mas malaki ang impluwensyang maibibigay natin para sa kabutihan." (Camille N. Johnson, "Seek Learning by Study and by Faith" [BYU–Pathway Worldwide devotional, Okt. 19, 2021], byupathway.org).

Mula sa ***Para sa Lakas ng mga Kabataan: Isang Gabay sa Paggawa ng mga Pagpili:***

> Nais ng Ama sa Langit na laging natututo ang Kanyang mga anak na babae at lalaki. Mayroon kayo ng kapwa temporal at espirituwal na mga dahilan para hangarin at gustuhing matuto. Ang edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagkita ng pera. Bahagi ng inyong walang-hanggang mithiin ang maging higit na katulad ng Ama sa Langit. . . .
>
> Humanap ng mga pagkakataong palawakin ang inyong isipan at mga kasanayan. Maaaring kabilang sa mga pagkakataong ito ang pormal na edukasyon sa paaralan o vocational training pati na rin ang di-pormal na pagkatuto mula sa sources na pinagkakatiwalaan ninyo. Isali ang Panginoon sa inyong mga pagsisikap, at gagabayan Niya kayo. Habang nalalaman ninyo ang tungkol sa mundo sa inyong paligid, alamin din ang tungkol sa Tagapagligtas, na lumikha ng mundo. Pag-aralan ang Kanyang buhay at mga turo. Gawing bahagi ng inyong habambuhay na pagkatuto ang seminary, institute, at personal na pag-aaral ng ebanghelyo. (*Para sa Lakas ng mga Kabataan: Isang Gabay sa Paggawa ng mga Pagpili* [2022], 31)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_581-1